# Si Jesus Cristo Ay Siya Ring Kahapon, Ngayon At Magpakailanman

*ni*

Rev. William Branham

# PAUNANG SALITA

Isinulat ang aklat na ito upang malaman ng bawat bumabasa nito na si Jesus Cristo ay Nagliligtas at Nagpapagaling pa rin ng mga tao.

Naniniwala ako na malapit na Siyang magpakitang muli.

Isinasalaysay ng aklat na ito kung paano Niyang pinili ang isang hamak na kabataang lalaki at tinawag siya sa ministeryo nito, kung paanong tumakbo palayo sa Kanya ang naturang kabataan nang sandaling panahon at pagkatapos ay buong-pusong nagbalik-loob sa Kanya.

# PANALANGIN

Oh Ama naming nasa Langit, ipinamamanhik ko po na Iyong pagpalain ang bawat bumabasa sa aklat na ito.

Ipaalam sa kanila na malapit Ka nang tumawag ng isang dakilang Iglesya, na hindi pa namin kailanman namalas.

Sumasampalataya pa rin po kami sa Iyo.

Lumikha Ka ng pananabik sa bawat puso at, Oh Siyang Matuwid, Iyo pong tulungan ang Iyong abang lingkod na ipagpatuloy na dalhin ang Iyong Mensahe.

Alam kong itinago Mo po ako sa mga papiro, kagaya ng ginawa Mo noon kay Moises para sa isang layunin.

Kaya't Ama, tulungan Mo po akong luwalhatiin ang Iyong Pangalan, sapagkat hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus.

Amen.

# Si Jesus Cristo Ay Siya Ring Kahapon, Ngayon At Magpakailanman

Isinilang ako sa Cumberland County, Kentucky, sa isang maliit na dampang yari sa troso. Bata pang ikinasal ang aking ama't ina at ako ang panganay na anak. Nasabi sa akin ni nanay na minsan noong mga anim na buwan pa lamang ako, at malayo sa tahanan si tatay, nakulong daw kami noon sa niyebe sa mga kabundukan nang ilang araw. Naubusan na kami ng pagkain at pahina na nang pahina si nanay sa tuwina. Sa bandang huli'y naisip niya na dumating na ang wakas. Sinabi niya na tinipon niyang lahat ang mga damit namin at mga kumot at sa pagkarga niya sa akin ay ibinalot niyang lahat ang mga iyon sa amin para manatili kaming mapainitan hangga't maaari.

Minamahal na mambabasa, naniniwala akong iyon na sana ang katapusan kung hindi dumating sa tagpo ang ating mapagmahal na Tagapagligtas nang sandaling iyon. Subalit lagi Siyang nasa malapit at nagpapakita sa tamang panahon. Nangusap Siya sa isang kalugud-lugod na kapitbahay na may pusong-banal at sinabi sa kanya na pumunta at alamin kung bakit walang anumang usok na lumalabas sa tsimenea namin sa loob ng mga nakaraang ilang araw. Nang dumating siya at pilit na binuksan ang kubo ay nakita niya si nanay at ako na halos hirap na dahil sa pagkagutom. Kumuha siya ng ilang kahoy at nagparikit ng apoy. Saka siya bumalik sa kanyang kubo para ikuha kami ng makakain. Di naglaon ay nanumbalik nang muli ang aming lakas at kalusugan. Purihin ang Kanyang Pangalan dahil doon.

Di naglaon pagkatapos niyon ay nilisan namin ang estado ng Kentucky at lumipat sa Indiana. Nagtrabaho si tatay para sa isang magsasaka malapit sa Utica, Indiana. Nanirahan kami doon nang mga isang taon at pagkatapos ay lumipat sa bandang ibaba pa ng lambak ng Ohio. Ilang taon ang lumipas at nagbinata na ako na may katamtamang pangangatawan noong nangusap sa akin ang Diyos.

Isang takip-silim ay nasa daan na ako para mag-igib ng tubig patungo sa bahay mula sa kamalig, na mga isang bloke ng siyudad ang layo mula sa bahay. Mga bandang kalagitnaan sa pagitan ng bahay at ng kamalig ay naroroong nakatayo ang isang matandang puno ng poplar. Kauuwi ko lang noon buhat sa eskuwelahan noong nagtatakip-silim na at 'yung ibang kapitbahay na mga batang lalaki ay papunta noon sa dating lawa para mamingwit. Umiiyak ako noon para makapunta pero sinabi ni tatay na kailangan kong mag-igib ng tubig. Tumigil ako sa ilalim ng puno para magpahinga nang bigla na lang na narinig ko ang hangin na hinihipan ang mga dahon. Alam kong hindi 'yon umiihip sa iba pang lugar. Noo'y tila napakatahimik naman na hapon. Umurong ako mula sa puno at napansin na ang isang dako na mga kasing laki ng bariles ay para bang umiihip sa mga dahon ng puno. Pagkatapos ay dumating ang isang tinig na nagsasabi: "Huwag na huwag kang iinom, maninigarilyo, o dudumihan ang iyong katawan sa anumang paraan, sapagkat may gampanin Akong ipagagawa sa iyo paglaki mo."

Natakot ako nang husto rito, hanggang sa tumakbo ako pauwi pero hindi ko sinabi sa kaninuman ang tungkol dito. Hinding-hindi ko magagawang uminom o manigarilyo. Naniniwala akong gagawa ang Diyos ng isang dakilang gawa sa mga huling araw.

Nang maging husto na ang gulang ko para lumabas kasama ng mga kabataan, bibiruin nila ako at sasabihing isa raw

akong binabae dahil sa hindi ko paninigarilyo o pag-inom. Sasabihin nila na maging ang mga babae ay naninigarilyo at mas malakas pa raw ang loob ng mga ito kaysa sa akin. Nahihiya ako noon na sabihin sa kanila kung ano ang nangyari sa buhay ko. Subalit, minamahal kong mga kaibigan, tunay nga na ipinagkakapuri ko ang pagsasabi sa mundo ng tungkol dito ngayon. Hallelujah!

Mga sa edad na labing-apat ay malubha akong nasugatan habang nasa pangangaso. Gumugol ako ng pitong buwan sa ospital. Nakipag-ugnay sa akin ang Diyos pero ayaw kong makinig. Lalong naging totoo ang pagtawag sa akin. Subalit dahil hindi naman ako pinalaki sa isang maka-Cristianong tahanan ay pinilit kong labanan iyon. Maraming beses ko nang narinig ang marahang, bulong na tinig na iyon na tumatawag sa akin, subalit tinatanggihan ko iyon. Humantong pa ako hanggang sa halos di ko na makayanan na marinig man lang na mabanggit ang simbahan.

Isang araw napagpasyahan kong nakahanap na ako ng paraan para mawala na ang pagtawag na iyon. Papunta ako noon sa kanluran para magtrabaho sa isang rantso. Kaibigan, dakila pa rin ang Diyos doon kung paanong Siya nga saan mang lugar. Nawa'y may matutunan ka sa karanasan ko. Kapag tinawag ka Niya, tugunin mo Siya.

Isang umaga ng Setyembre noong taong 1927, sinabi ko kay nanay na pupunta ako sa isang camping sa Tunnel Mill, na mga nasa labing-apat na milya mula sa Jeffersonville kung saan kami nakatira noong panahong iyon. Nakapagplano na akong bumiyahe sa Arizona kasama ng ilang mga kaibigan. Noong makabalita muli si nanay tungkol sa akin, wala na ako doon sa Tunnel Mill kundi nasa Phoenix, Arizona, na umiiwas sa Diyos ng Pag-ibig. Ang buhay noon sa rantso ay napakainam sa sandaling panahon, subalit di naglaon ay naging nakakasawa na ito, kagaya

ng iba pang layaw ng sanlibutan. Subalit hayaang sabihin ko rito, Purihin ang Diyos, na ang karanasan kay Jesus ay lalong tumatamis pa sa tuwina at hinding-hindi nakakasawa. Si Jesus ay nagkakaloob ng sakdal na kapayapaan at kaginhawaan sa tuwina.

Maraming pagkakataon ko nang narinig ang hangin na umiihip sa matatayog na mga puno ng pino. Para bang naririnig ko ang Kanyang tinig na tumatawag doon sa kagubatan, na nagsasabi, “Adan, saan ka naroon?” Para bang napakalapit ng mga bituin na madadampot mo ang mga iyon sa iyong mga kamay. Para bang napakalapit ng Diyos.

Isang bagay na tila ba sadyang makahulugan pa sa akin tungkol sa lalawigang iyon ay ang mga daan sa disyerto. Kung nalihis kayo sa daan, madali kayong maliligaw. Kadalasan ang mga turista ay nakakakita ng maliliit na bulaklak ng disyerto at lumilihis sa daan para pitasin ang mga iyon. Nagpapagala-gala sila sa disyerto at naliligaw at kung minsa’y namamatay sa pagkauhaw. Gayon din sa Cristianong pamamaraan—may daan ang Diyos. Tinutukoy Niya ito sa Isaias, sa ika-35 kabanata. Tinatawag itong ang “Daan ng Kabanalan.” Maraming beses ang mumunting mga layaw ng sanlibutan ay inilalayo ka sa daan. Pagkatapos ay nalilimutan mo ang iyong karanasan sa Diyos. Sa disyerto kapag naligaw ka, may lumilitaw na isang malikmata kung minsan. Sa mga taong namamatay na sa uhaw, ang malikmatang iyon ay isang ilog o lawa. Kadalasan ay tumatakbo ang mga tao sa mga iyon at magpapatihulog sa mga iyon na masusumpungan na lang nila na naliligo pala sila sa mainit na buhangin. Kung minsa’y pinapakitaan ka ng Diablo ng isang bagay na sinasabi niyang masayang sandali. Malikmata lang iyan, isang bagay ito na hindi naman tunay. Kung pakikinggan mo ay masusumpungan mo ang iyong sarili na nagbubunton lamang ng mga pagdadalamhati sa iyong ulo. Huwag mo siyang

pakinggan, minamahal na mambabasa. Sampalatayanan mo si Jesus na siyang nagbibigay ng buhay na tubig para sa kanila na nangagugutom at nangauuhaw.

Isang araw nakatanggap ako ng liham mula sa bahay na nagsasabi sa akin na malubha raw ang karamdaman ng isa sa mga kapatid ko.

Si Edward iyon, ’yung kasunod ko. Siyempre naisip kong hindi naman malubha, kaya inakala kong magiging maayos din siya. Ngunit isang gabi makaraan ang ilang araw noong parating ako mula sa bayan sa pagdaan ko sa kainan sa rantso ay nakakita ako ng papel sa ibabaw ng mesa. Dinampot ko iyon. Sinasabi nito, “Bill, pumunta ka sa hilagang pastulan. Importanteng-importante.” Matapos kong basahin ang sulat ay naglakad kami ng isang kaibigan ko doon sa pastulan. Ang unang nakasalubong ko ay isang matandang tanod-gubat ng Lone Star na nagtratrabaho sa rantso. Durfy ang pangalan niya, pero tinatawag namin siyang “Pop.” Malungkot ang mukha niya habang sinasabi niya, “Billy iho, may masama akong balita para sa iyo.” Nang sandaling iyon ay lumapit ’yung katiwala. Sinabi nila sa akin na kararating lamang ng isang telegrama na nagsasabi tungkol sa pagkamatay ng kapatid ko.

Minamahal na kaibigan, hindi ako nakakilos sa isang saglit. Iyon ang unang kamatayan sa pamilya namin. Ngunit nais kong sabihin na ang unang bagay na naisip ko ay kung nakahanda na ba siyang mamatay. Sa pag-ikot at pagtingin ko sa madilaw na parang, dumaloy ang luha ko sa aking mga pisngi. Gaanong naalala ko kung paanong magkasama kaming nakipagbuno noong mga paslit pa kami at kung gaano kahirap iyon para sa amin.

Pumapasok kami noon sa paaralan na halos walang makain. Nakalabas na sa sapatos namin ang mga daliri sa paa

at kailangan pa naming magsuot ng mga lumang balabal na nakaaspile sa may leeg dahil wala kaming suot na mga kamiseta. Gaanong naalala ko rin na isang araw ay may ilang pop corn si nanay sa isang maliit na timba para sa tanghalian namin. Hindi kami kumakain kasama ng iba pang mga bata. Hindi kami makabili ng pagkain na kagaya ng sa kanila. Lagi kaming pumupuslit doon sa burol at kumakain. Naaalala ko na noong araw na kumain kami ng pop corn ay inisip namin na talagang isang espesyal na 'yon. Kaya't para matiyak kong makukuha ko ang parte ko dito ay lumabas na ako bago magtanghali, kumuha ng sandakot bago makuha ng kapatid ko ang parte niya.

Pagkatapos habang nakatayo doon na nakatingin sa kaparangang tinigang ng araw naisip ko ang lahat ng mga bagay na iyon at naisip kung dinala na kaya siya ng Diyos sa isang mas mainam na dako. Pagkatapos ay muli akong tinawag ng Diyos, subalit gaya pa rin ng dati ay pilit ko itong nilabanan.

Naghanda akong umuwi para sa libing. Noong si Rev. McKinny na taga-Port Fulton Church, isang lalaking parang ama na sa akin, ay nangaral sa kanyang libing ay binanggit nito na "Maaaring may ilan dito na hindi pa nakakakilala sa Diyos, kung ganoon nga, abangan n'yo na Siya ngayon."

Oh gaano kahigpit kong hinawakan ang upuan ko, nakikipag-ugnay na naman ang Diyos. Minamahal na mambabasa, kapag tumawag Siya, tugunin mo Siya.

Hinding-hindi ko malilimutan kung gaanong umiyak ang kaawa-awang mahal kong Tatay at Nanay matapos ang libing. Gusto kong bumalik sa Kanluran pero nagsumamo nang lubos si nanay sa akin na manatili na hanggang sa wakas ay sumang-ayon na rin akong mananatili kung makakahanap ako ng trabaho. Nagkatrabaho naman ako agad sa Public Service Company of Indiana, kung saan ako namamasukan ngayon.

Mga dalawang taon na pagkatapos niyon habang nagsusuri ako ng mga metro sa tindahan ng metro sa Gas Works sa New Albany ay naapektuhan ako ng gas at sa loob ng ilang linggo ay pinahirapan ako nito. Nagpunta ako sa lahat ng doktor na kilala ko. Hindi maibsan ang hirap ko. Pinahirapan ako ng asido sa tiyan, na bunga ng epekto ng gas. Tumindi ito nang tumindi sa tuwina. Dinala ako sa mga espesyalista sa Louisville, Ky. Bandang huli'y sinabi nilang ang appendix ko raw ang may problema at sabi na kinakailangan kong maoperahan. Hindi ko iyon mapaniwalaan, dahil wala namang sumasakit sa tagiliran ko. Sinabi ng mga doktor na wala na silang magagawa pa para sa akin hanggang sa maoperahan na muna ako. Sa wakas ay sumang-ayon din akong maisagawa iyon ngunit iginiit na gumamit sila ng lokal na pampamanhid para mapanood ko ang operasyon.

Oh, noo'y nais kong may tumayo sa tabi ko na nakakakilala sa Diyos. Naniniwala ako sa panalangin ngunit hindi makapanalangin. Kaya't ang ministrong iyon na taga-First Baptist Church ay pumasok na kasama ko sa silid-operahan.

Noong dalhin nila ako mula sa mesa patungo sa higaan ko ay naramdaman ko ang sarili ko na papahina na nang papahina sa tuwina. Halos di na tumitibok ang puso ko. Naramdaman ko ang Kamatayan sa akin. Paikli nang paikli ang paghinga ko sa tuwina. Alam kong narating ko na ang dulo ng aking landas. Oh kaibigan hintayin mong makarating ka roon nang minsan saka mo maiisip ang maraming bagay na nagawa mo. Alam kong hindi ako kailanman nanigarilyo, uminom o nagkaroon ng anumang maruruming mga gawi ngunit alam kong hindi pa ako noon nakahandang makatagpo ang aking Diyos.

Kaibigan ko, kung ikaw ay isa lang na malamig at pormal na miyembro ng iglesya malalaman mo kapag narating mo na ang dulo na hindi ka pa pala handa. Kaya't kung ganun lang

ang alam mo tungkol sa aking Diyos, hinihiling ko sa iyo dito mismo na lumuhod ka at hilingin kay Jesus na ipagkaloob sa iyo ang karanasang iyon ng pagiging Naipanganak na muli, kagaya niyaong sinabi Niya kay Nicodemo sa Juan, kabanata 3, at oh gaanong tutunog ang mga kampana ng kagalakan—Purihin ang Kanyang Pangalan.

Nag-umpisa nang dumilim sa silid ng ospital na para bang naroon ito sa isang napakalawak na kakahuyan. Naririnig ko ang hangin na umiihip sa mga dahon, ganun pa man para ba itong malayong-malayo pa sa kagubatan. Nakarinig ka na marahil ng isang buga ng hangin na hinihipan ang mga dahon, na papalapit nang papalapit sa iyo.

Naisip ko, "Buweno, ito na ang kamatayan na dumarating na para kunin ako." Oh! katatagpuin na ng kaluluwa ko ang Diyos, pinilit kong manalangin pero hindi ko magawa.

Papalapit na nang papalapit ang hangin, papalakas nang papalakas. Kumaluskos ang mga dahon at biglang-bigla ay wala na ako.

Para bang nang sandaling iyon muli akong bumalik sa pagiging isang maliit na batang nakayapak, na nakatayo sa daanang iyon sa ilalim ng puno ring iyon. Narinig ko ang tinig ding iyon na nagsabing, "Huwag na huwag kang iinom o maninigarilyo." At ang mga dahong narinig ko ay 'yun ding kumaluskos doon sa puno noong araw na iyon.

Ngunit sa pagkakataong ito'y sinabi ng tinig, "Tinawag Kita at ayaw mong humayo." Naulit ito nang ika-3 beses.

Pagkatapos ay sinabi ko, "Panginoon, kung Ikaw po iyan, pahintulutan Mo akong bumalik muli sa lupa at ipangangaral ko ang Iyong Ebanghelyo mula sa mga bubungan ng mga bahay at mga kanto ng mga kalye. Sasabihin ko sa lahat ang tungkol dito!"

Noong matapos ang pangitaing ito, nasumpungan kong hindi pa kailanman naging ganun kabuti ang pakiramdam ko.

Nasa gusali pa rin ang siruhano ko. Dumating siya at sinuri ako at nagulat. Tumingin siya na para bang ang akala niya'y mamamatay na ako, pagkatapos ay sinabi niya, "Hindi ako palasimbang tao, napakarami ko nang karanasan sa aking panggagamot, pero alam kong dinalaw ng Diyos ang batang ito." Kung bakit niya sinabi 'yon, hindi ko alam. Walang nagsabi ng anumang bagay tungkol dito. Kung alam ko na noon kung ano ang nalalaman ko ngayon, bumangon na sana ako sa higaang iyon na sumisigaw ng Papuri sa Kanyang Pangalan.

Makaraan ang ilang araw ay pinayagan na akong makauwi pero may sakit pa rin ako at napilitang magsuot ng salamin sa mga mata ko dahil sa astigmatismo. Naaalog ang ulo ko kapag tumitingin ako sa anumang bagay sa ilang saglit.

Sinimulan ko nang hanapin at katagpuin ang Diyos. Nagpalipat-lipat ako ng simbahan sa pagsisikap na makahanap ng isang lugar kung saan may makalumang pagtawag sa altar. Ang malungkot na bahagi ay wala akong mahanap. Sinabi ko na kung magiging isang Cristiano man ako, talagang magiging ganoon nga ako. Isang ministrong nakarinig sa akin na sinambit ang naturang pangungusap ay nagsabi, "Ngayon Billy iho, papunta ka na sa Panatisismo." Sinabi ko na kung magkaroon man ako ng relihiyon gusto ko itong maramdaman kapag dumating na ito kagaya ng nangyari noon sa mga alagad.

Oh purihin ang Kanyang Pangalan. Nagkaroon ako ng relihiyon nang maglaon at taglay ko pa rin ito, at sa tulong Niya ay pananatilihin ko itong lagi.

Isang gabi'y naging labis ang pananabik ko sa Diyos at sa isang tunay na karanasan hanggang sa nagtungo ako doon sa lumang silungan sa likod ng bahay at sinubukang manalangin. Hindi ko alam kung paano manalangin noon kaya inumpisahan ko na lang na makipag-usap sa Kanya kagaya ng pakikipag-

usap ko sa sino pa mang iba. Bigla-biglang may dumating na liwanag sa silungan at nag-anyo itong krus at nagsalita ang tinig sa akin na mula sa krus sa isang wika na hindi ko maunawaan. Umalis na ito pagkatapos. Nahalina ako. Noong nahimasmasan na ako, muli akong nanalangin, "Panginoon kung Ikaw po iyon, ipinamamamanhik kong pumarito Ka't makipag-usap muli sa akin." Binabasa ko na ang aking Biblia mula noong umuwi ako mula sa ospital at nabasa ko sa 1 Juan 4, "Mga minamahal huwag ninyong paniwalaan ang lahat ng espiritu, kundi subukin ninyo ang mga ito kung ang mga ito ay sa Diyos."

Alam kong nagpakita ang isang espiritu sa akin, at habang nananalangin ako'y nagpakita itong muli. Pagkatapos para bang sa akin ay may sanlibong libra na umangat mula sa kaluluwa ko. Lumundag ako at tumakbo sa bahay at para bang tumatakbo ako sa hangin.

Tinanong ni nanay, "Bill, ano'ng nangyari sa iyo?" Sumagot ako, "Hindi ko po alam pero talagang maganda ang pakiramdam ko't magaan." Hindi na ako makatagal pa sa bahay. Kinailangan kong lumabas at tumakbo.

Alam ko na noon na kung gusto ng Diyos na mangaral ako ay pagagalingin Niya ako, kaya't nagpunta ako sa isang iglesya na naniniwala sa pagpapahid ng langis at noon din ay gumaling ako. Nakita ko noon na may isang bagay ang mga alagad noon na wala sa karamihan ng mga ministro ngayon. Nabautismuhan ng Banal na Espiritu ang mga alagad at kung kaya't nakapagpapagaling ng mga maysakit at nakagagawa ng mga makapangyarihang himala sa Kanyang Pangalan. Kaya nagsimula akong manalangin para sa bautismo ng Banal na Espiritu at nakatanggap nga nito.

Isang araw mga anim na buwan pagkatapos niyon, ipinagkaloob ng Diyos sa akin ang ninanasa ng aking puso.

Nagsalita Siya sa akin sa isang napakalaking liwanag na nagsasabi sa akin na humayong mangaral at manalangin para sa mga maysakit at Kanya silang pagagalingin kahit na ano pa ang sakit nila. Nag-umpisa akong mangaral at ginagawa ang sinabi Niya sa akin na gawin. Oh kaibigan, hindi ko maumpisahang sabihin sa iyo ang lahat ng nangyari: Ang mga bulag na mata'y nabuksan. Lumakad ang mga pilay, gumaling ang mga kanser at lahat ng uri ng mga himala ay nagawa.

Isang araw sa paanan ng Spring Street, Jeffersonville, Indiana, matapos ang dalawang linggong rebaybal, nagbabautismo ako noon ng 130 katao. Isang mainit na araw ng Agosto iyon at may mga nasa tatlong libong katao ang naroroon. Babautismuhan ko na noon ang ika-17 tao nang bigla na lang narinig kong muli 'yung marahang, bulong na tinig at sinabi nito, "Tumingala ka." Ang kalangitan ay tila ba tanso noong maalinsangang araw na iyon ng Agosto. Hindi pa kami noon nagkaroon ng ulan sa loob ng mga tatlong linggo. Narinig kong muli ang tinig, at pagkatapos muli sa ikatlong beses ay sinabi nito, "Tumingala ka."

Tumingala ako at dumating mula sa kalangitan ang isang malaking nagniningning na bituin na nakita ko na nang maraming beses dati pa subalit hindi ko pa nasabi sa iyo. Maraming beses kong sinabi sa mga tao ang tungkol sa pagpapakita nito at sila'y tatawa lang at sasabihin, "Bill, imahinasyon mo lang 'yon. O marahil ay nananaginip ka lang." Subalit purihin ang Diyos, sa pagkakataong ito ay ipinakita Niya ang Kanyang Sarili sa paningin ng lahat, dahil sa lumapit ito nang husto sa akin hanggang sa hindi man lang ako makapagsalita. Makaraang lumipas ang ilang segundo, sumigaw ako at maraming tao ang tumingala at nakita ang bituin na nasa ibabaw ko lang. Ang ilan ay hinimatay habang ang iba ay nagsigawan at ang iba naman ay tumakbong palayo. Pagkatapos ay bumalik na muli sa kalangitan ang

bituin, at ang nilisanan nitong dako ay nasa mga labinlimang kuwadradong talampakan, at ang dakong iyon ay patuloy na gumagalaw at kumikilos o na para bang gumugulong ang mga alon. May nabuo sa dakong ito na isang maliit na puting ulap, at ang naturang bituin ay tinanggap paitaas sa maliit na ulap na ito.

Minamahal na mambabasa, kung may lugar lang ako sa aklat na ito upang sabihin sa iyo ang tungkol sa maraming mga bagay na nangyari, ang tungkol sa kung paano naitayo ang aming tabernakulo, at marami sa mga makapangyarihang rebaybal na idinaos namin. Nagsidating ang mga tao mula sa malayo't malapit upang mapagaling. Subalit kinakailangan kong paikliin nang sapat ang aklat na ito upang maipagbili ito nang mura at abot-kaya ng lahat. Ang mga bagay na ito ay upang ipaalam sa iyo na si Jesus Cristo ay gayon pa rin kung paanong siya kahapon at ngayon at magiging magpakailanman, at saka kailangan mo Siyang sampalatayanan at upang maligtas. Kung magagawa mo, sa anumang oras ay malapit sa iyo ang aming mga rebaybal, mangyari sanang dumalo ka sa mga ito.

# MGA PATOTOO

Ngayon sa mga sumusunod na pahina ay makikita mo ang ilang Personal na mga patotoo ng ilan na pinagaling sa ilan sa aming mga pagtitipon.

---

Nasa ospital ako noon sa New Albany, Ind. nang marinig ko ang tungkol kay Kapatid na Branham. Nabundol ako ng isang kotse. Halos nabali ang lahat ng tadyang ko. Ang likod ko ay napilipit. Wala nang pag-asa ang sitwasyon ko, pagdating sa tulong medikal.

Ipinanalangin ako ni Kapatid na Branham, at noon din ay lumapat ang mga tadyang ko sa kani-kanilang lugar, at pati na rin ang likod ko. Hindi iyon maunawaan ng doktor. Tumayo ako, isinuot ang mga damit ko, umuwi, at pumasok sa trabaho.

Purihin ang Diyos sa Kanyang Kapangyarihang Magpagaling.

William H. Merrill, 1034 Clark St., New Albany, Ind.

---

Nalumpo ako sa loob ng maraming taon. Naratay sa higaan nang ilang panahon. Nakausli ang mga paa ko kaya hindi ako makalakad. Sinabi ng doktor na hindi na ako makakalakad pa. Narinig ko ang tungkol kay Kapatid na Branham at kung paanong tinutugunan ng Diyos ang kanyang mga panalangin. Kaya't tinawagan ko siya. Siya at ang isa pang bata pang lalaki na nagngangalang, DeArk, ay dumating at ipinanalangin ako. Kaagad-agad na gumaling ang mga paa ko. Nakakalakad na ako. Naglalakad pa rin ako. Apat na taon na ang lumipas mula noong mangyari iyon.

Pinupuri ko ang Diyos sa Kanyang Kamangha-manghang Kapangyarihan.

Gng. Mary Der Ohanion, 2223 E. Oak St., New Albany, Ind.

---

Sa Kinauukulan,

Ako ay nalumpo nang mahaba-habang panahon. Nabali ang mga paa ko at hindi na ako makakalakad pang muli. Ayon sa pahayag ng Doktor. Itinulak ako ng anak kong lalaki sa pagtitipon ni Kapatid na Bill, sa aking wheel chair. Nang gabing iyon ay nakita kong lumakad ang isang lalaki na hindi nakapaglakad sa loob ng 18 taon. Nakakita rin ako ng isang lalaki na muling nakakita at lumakad sa kahabaan ng bahay-sambahan nang walang anumang tulong. Nabulag siya sa loob ng 40 taon at marami pang iba, mga lumpo at lahat na ng uri ng karamdaman ay gumaling nang gabing iyon. Kaya nang dumating na ang pagkakataon ko para maipanalangin, may pananampalataya na ako upang maniwala kay Jesus, na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipinanalangin ako ni Kapatid na Bill, hinawakan ako sa kamay at sinabi, "Sa Pangalan ni Jesus—lumakad ka."

Naramdaman ko ang kapangyarihan ng Diyos na dumaloy sa akin. Ang mga paa kong nakausli mismo sa harapan ko ay tumayo sa sahig at nag-umpisa akong maglakad, at purihin ang Diyos, iniwan ko ang dati kong wheel chair at naglakad nang ilang bloke ng siyudad pauwi.

Gng. T. Hargrove, 149 Spring St., Jeffersonville, Indiana

---

Isinuko na ako upang mamatay sa kanser dalawang taon na ang nakakaraan. Kilala ko na si Kapatid na Bill nang maraming taon. Alam ko na siya ay isang taong matuwid at nakadalo na ako sa marami sa kanyang mga

pagtitipon. Pinagpapala siya ng Diyos at gumagawa ng maraming, maraming mga himala sa pamamagitan niya. Tinawagan ko siya para ipanalangin ako. Nawala ang aking kanser.

Nagagalak pa rin ako, na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.

Gng. L. Stinner, Missouri Ave., Jeffersonville, Indiana

---

Isinuko na ako ng doktor ng pamilya namin, ilang oras na lamang para mabuhay. Nagkasakit ako ng kanser sa loob ng mga 3 taon.

Isang lalaki na nagngangalang Wiseheart ang nagsabi sa akin tungkol kay Kapatid na Bill. Bumiyahe sila nang 35 milya sa niyebe at yelo para makapunta sa akin. Noong nakarating na sila doon, ilan sa mga kaibigan at kamag-anakan ko ang nagkatipon nang sama-sama para makita ako sa kanilang huling pagkakataon. Bumili na ang mga anak kong babae ng pamburol na mga damit ko na paglilibingan sa akin. Halos wala na akong malay noong makarating doon si Kapatid na Bill. Hiniling niya na lumabas ng silid ang lahat ng mga di-mananampalataya. Pagkatapos ay lumuhod siya't nanalangin para sa akin. Naramdaman ko ang kapangyarihan ng Diyos sa akin noong ipatong niya ang kanyang kamay sa akin, at kaagad-agad na naramdaman ko na ang aking kanser ay nawala na.

Tumayo ako na nagpupuri sa Diyos sa Kanyang kapangyarihan. Iyon ay 4 na taon na ang nakalipas at hindi na ako nagkaroon pa ng kanser mula noon.

Purihin ang Diyos sa Kanyang Kabutihan.

Gng. Sarah Hoyse, Middletown, Ind.

---

Lumpo ako mula pagkasilang. Hindi na ako maaaring makalakad pa o magamit ang mga kamay ko't braso. Nabalitaan ko kung saan si Kapatid na Bill ay nagdaraos ng isang kamangha-manghang gawain ng pagpapagaling. Dumalo ako at nakita ko ang maraming kahanga-hangang mga bagay na nagawa sa pamamagitan ng pananampalataya sa Pangalan ni Jesus at pagpapatong ng mga kamay.

Ipinanalangin ako ni Kapatid na Bill, saka tumingin nang diretso sa akin at nagsabi, "Sa Pangalan ni Jesus, lumakad ka." Naramdaman ko ang kapangyarihan ng Diyos na dumaloy sa aking katawan. Sumunod ako, at sa unang pagkakataon sa buhay ko ay nagsimula akong lumakad. Ako noon ay 35 taong gulang.

Ang Diyos sa mga huling araw na ito ay gumagawa ng mga kamangha-manghang bagay.

Purihin ang Kanyang Pangalan magpakailanman.

---

Ang maliit naming anak na babae, na si Betty, ay nagkasakit sa loob ng tatlong buwan. May dalawa kaming kilalang mga doktor sa siyudad, subalit tila ba, hindi nila mahanap ang dahilan. Mayroon din kaming maraming magagaling na mga ministro sa buong siyudad at bansa upang ipanalangin siya. Patuloy siyang lumala nang lumala. Pagkatapos ay nagsugo kami sa Jeffersonville, Ind., para sa isang lalaki na nagngangalang Rev. Wm. Branham, na may kaloob ng Makalangit na pagpapagaling. Si Kapatid na Bill, ang tawag nga sa kanya, ay nagpunta sa amin kaagad-agad. Matapos ang ilang oras ng pananalangin, pumasok siya at sinabi sa amin na pinakitaan siya ng Panginoon ng isang pangitain ng kung ano ang dapat gawin para sa aming munting Betty. Balat at buto na lang siya at nanginginig palagi na para bang mayroon siyang pagkaparalisa. Tinanong

kami ni Kapatid na Bill kung sasampalataya ba kami sa Diyos at susundin ang sinabi Niyang dapat gawin. Matapos niyang manalangin at bigkasin sa bata ang Pangalan ni Jesus, ang munting anak namin ay kaagad-agad na gumaling. Iyon ay nasa mga 10 buwan na ang nakalipas. Ang munting Betty namin ngayon ay ganap nang malusog at matabang-mataba na. Magagalak akong sumulat sa sinuman na may katanungan tungkol sa kanyang kagalingan, o sa alinman sa mga pagpapagaling na naganap sa rebaybal na idinaos ni Kapatid na Branham dito sa St. Louis noong 1945.

Ang pagpapagaling na naganap noon sa Rebaybal ng St. Louis ay makikita sa aklat na may pamagat na “Makalangit na Pangitain,” ni Kapatid na Branham. Tiyakin ninyong mabasa iyon.

Rev. Robert Daugherty, 2009 Gano Ave. St. Louis, Mo.

---

SA KINAUUKULAN:

Nakaratay ako sa higaan sa aking likod sa loob ng 8 taon at 9 na buwan na may T.B. at isinuko na ako ng mga doktor. Bahagya na akong tumitimbang ng 50 libra at tila ba lahat ng pag-asa ay wala na. Pagkatapos mula sa Jeffersonville, Ind., mga 35 milya mula sa aming tahanan, ay dumating si Rev. Wm. Branham, sa pamamagitan ng isang pangitaing nakita niya na patungkol sa isang tupa na noo’y nasilo doon sa ilang at sumisigaw ng “Milltown” (Doon ako nakatira.) Hindi pa kailanman nakarating dito si Kapatid na Branham o kakilala ng sinuman na tagarito. Sa pagpasok, pinatungan niya ako ng mga kamay at nanalangin, na binibigkas sa akin ang Pangalan ng ating minamahal na Panginoong Jesus. May bagay na tila ba lumukob sa akin at kaagad-agad ay nakatayo na ako at nagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang kapangyarihan na magpagaling. Lumabas ako sa unang pagkakataon sa

8 taon, pagkatapos ay nabautismuhan sa ilog, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ako na ngayon ang manunugtog ng piano sa iglesyang Baptist dito. Mas marami pa ang kaakibat ng dakilang kagalingang ito. Wala na akong lugar sa patotoong ito para maisulat ang lahat ng iyon. Ikagagalak kong sumulat at isalaysay nang buo sa sinuman na interesado sa aking kagalingan.

Georgia Carter, Milltown, Indiana.

---

SA KINAUUKULAN:

Naoperahan ako at nabuo ang isang kanser mula sa naturang operasyon. Ginawa ko na ang lahat ng alam kong magagawa ko para maipanumbalik ko ang aking kalusugan, subalit nabigo. May sakit din ang aking maybahay at narinig namin ang tungkol kay Rev. Branham at kung paanong gumagawa ang Diyos sa pamamagitan niya sa pagpapagaling sa mga maysakit. Nagpunta kami sa tahanan niya isang Linggo ng hapon mga anim na buwan na ang nakararaan, at noong dumating kami ay nadatnan namin ang iba na naroroon sa ganoon ding layunin, at napapagaling. Pagkatapos ay nagkaroon kami ng pakikipag-usap kay Kapatid na Branham at tinanong siya kung may anumang bagay na magagawa pa para sa amin. Sinabi namin sa kanya na mga Katoliko kami ngunit sinabi niya sa amin na ang Makalangit na pagpapagaling ay abot ng lahat ng sasampalataya. Tinawag niya ang aming pansin sa isang babaeng Katoliko na muling nakakita mula noong hilingin niya sa Diyos na tulungan ito, at ngayon nakakabasa na ito ng napakaliliit na limbag. Labis ang pagkabulag nito noon kaya inakay ito patungo sa kanyang bahay. Pagkatapos ang maybahay ko at ako ay ipinanalangin at pareho kaming gumaling. Nawala ang kanser ko! Lubos na kaming nagagalak ngayon at malusog at tuwing umaga

ay bumabangon ako sa higaan at nananalangin nang 3 oras para kay Kapatid na Branham at para sa gampanin niya sa Diyos. May negosyo akong pang-elektrikal dito sa lungsod at tuwing Linggo ng umaga ay dumadalo kami sa maagang misa at pagkatapos ay nagmamadali patawid ng tulay patungo sa Branham Tabernacle. Dumadalo rin kami sa mga gawain sa gabi at Miyerkules ng gabing pagtitipon sa pananalangin. Nagkakaroon kami ng mainam na panahon at para bang nabubuhay sa isang bagong daigdig. Ikagagalak kong sagutin ang anumang liham para sa impormasyon tungkol sa aking kagalingan.

Louis H. Head, 417 Garnet Court, Louisville, Ky.

---

Nais kong idagdag ang aking patotoo para sa kaluwalhatian ng Diyos patungkol sa Makalangit na pagpapagaling. Sa loob ng mga tatlong taon ay nagkasakit ako ng eksema, na patuloy na kumalat at lumala nang lumala, hanggang sa ang likod ng mga kamay ko at itaas ng mga paa ko ay naging matigas nang langib. Ang mga ito'y lubhang namamaga na at napakahapdi. Noong Abril 11, 1945, pinahiran ako ni Kapatid na Branham at pinatungan ako ng mga kamay sa panalangin, subalit sa halip na bumuti, patuloy akong lumala, at dahil sa gumagamit ako noon ng pamahid sa mga kamay ko't paa, naisip kong iyon marahil ang dahilan na hindi ako gumagaling. Kaya't nagpasya ako na itigil na ang paggamit ng lahat ng gamot at ganap ko nang ipinasa-Panginoon ang sitwasyon ko. Noong ika-10 ng Hunyo, ipinanalangin akong muli nina Kapatid na Branham at Kapatid na Seward at pinagaling ako ng Panginoon. Purihin ang Kanyang banal na Pangalan! Minsan na akong pinahiran ni Kapatid na Branham dahil sa mahinang mga bubong ng paa. Masakit ang mga paa ko kaya matinding pahirap sa akin ang maglakad. Subalit

simula noong mapahiran ako, lumakas ang mga paa ko, at sa ngayo'y kaya ko nang lumakad nang malayo na hindi gaanong nahihirapan ang paa kaysa noong isang kuwadrado lang bago mapahiran. At nais kong idagdag na hindi ito ang una kong karanasan sa Makalangit na pagpapagaling. Dalawampu't isang taon na ang nakakaraan, dumalo ako sa isang pagtitipon na pinangunahan ng Rev. C. H. Erickson sa Columbus, Ind. Ang iba'y gumaling mula sa iba't ibang sakit at dahil sa matagal na panahon na akong pinahirapan ng malubhang kaso ng sipon at may bukol sa kanan kong mata kaya't natatakpan na nito nang bahagya ang aking paningin (at bumulag na sana sa akin sa katagalan), ako, rin, ay humiling sa Panginoon na pagalingin ako at ginawa nga Niya. Hindi na ako kailanman muling ginambala pa ng parehong sakit. Natanggap ko ang pagpapalang ito habang nakaupo sa aking upuan, dahil hindi ko hiniling noon ang mga panalangin ni Rev. Erickson. Nasaksihan ko ang naturang mga pagpapagaling at narinig at nabasa ang mga patotoo ng iba. Halos dalawang taon na ang nakalipas ay naparaan ako sa isang tahanan malapit sa Prospect, Ky. Isang maliit, na maysakit na sanggol ang nakahiga noon sa isang banig sa may bakuran at sinabi sa akin ng ina na lampas na iyon ng apat na buwang gulang at may sakit sa buong maikling buhay nito. Napakapayat niyon at hindi makakain nang hindi humihiyaw sa sakit. Noong sumunod na Linggo ay sinabi ko kay Kapatid na Branham ang tungkol sa bata. Nanalangin siya at ang kongregasyon para sa sanggol na iyon, at makalipas ang ilang linggo ay napadaan akong muli sa tahanang iyon at nagtanong tungkol sa naturang sanggol. Bumubuti na iyon at bumibigat na ang timbang. Pumasok ako para makita iyon, at kumakain na iyon at nasisiyahan talaga dito. Nasusulat na ibinigay na ng ating makalangit na Ama sa Kanyang anak na si Jesus Cristo, ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa, at binigyan Siya ng

pangalan na higit sa lahat ng pangalan, at sinabi ni Pedro na sa Kanyang Pangalan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Pangalan, na pinagaling ang lumpong iyon sa may Pintuan ng Templo. Sa siya ring maluwalhating Pangalang iyon kaya nagagawa ang mga kamangha-manghang bagay na ito ngayon. At kapag gumagaling tayo sa pamamagitan ng panalangin ng pananampalataya, hindi lamang ito ang pagpapalang natatanggap natin, kundi kasamang dala-dala nito ang katiyakan na pinatawad na ang mga kasalanan. Santiago 5:15.

Salamat sa Diyos na mayroon tayo sa magulong mundong ito ngayon, ng mga lalaking katulad nina Kapatid na Branham, Erickson, John Sproul at iba pa na pinagkalooban ng Espiritu ng kaloob ng Makalangit na pagpapagaling. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman. At sadyang magagawa pa rin Niya at nais na pagalingin tayo kagaya noong ipinangaral Niya ang Ebanghelyo ng Kaharian at pinagaling ang mga tao labinsiyam na raang taon na ang nakakaraan. Nakita ko si Joan Gray, ang munting sanggol na may sakit, noong Agosto 26. Lampas na siya ngayon ng 27 na buwang gulang at talagang magaling na at malusog na malusog.

Sumasainyo kay Cristo Jesus,

G. W. Jones, 705 E. Maple St., Jeffersonville, Ind.

---

Minamahal na mga kaibigan, mayroon pang iba na gumaling at nagnanais na isalaysay ang kanilang patotoo bilang mga saksi sa kapangyarihan ng Diyos subalit wala na kaming lugar para dito sa ngayon sa maliit na aklat na ito. Ang mga patotoong ito na ibinigay ay para palakasin ang inyong loob na sumampalataya kay Jesus Cristo at upang makilala Siya bilang inyong Tagapagligtas at Tagapagpagaling.

Maraming mga nagbabasa ng Biblia, ang nagsasabi, "Kung nabuhay lamang ako noong panahon ng Biblia, lalapit ako kay Jesus at tutulungan Niya ako." Kaibigan, naririto Siya sa araw na ito upang tulungan ka, kung paano lamang Siya noong panahong iyon. Sumampalataya lamang sa Banal na Espiritu. Siya ang Nagpapatotoo patungkol kay Jesus. Pakiusap, sa kinalalagyan mo mismo, manampalataya ka sa Kanya, at gagaling ka.

# SERMON

Ang ating teksto ay matatagpuan sa Isaias, 53:5.

"Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan. Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo."

Ngayon kaibigan, sinasabi ng Biblia, "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." At tatanggapin natin na may kapatawaran pa rin tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang dugo, maging ano pa man ang ating nagawa. Bakit? Dahil nasa katubusan iyon, sasabihin mo. Hindi ba't ang Kanyang mga latay para sa Kagalingan ay nasa katubusan din? Kung ganoon kung nawalan na ng bisa ang katubusan para sa kagalingan, kung gayon ikaw ay nasa iyong mga kasalanan pa rin; dahil, ang katubusan para sa iyong mga kasalanan ay ginawa sa pamamagitan ng siya ring Dugo mula sa iisang tao sa iisang lugar, sa iisang panahon, sa iisang araw.

Kung ganoon kakailanganin mong sabihin na nagkakalakip na gumagawa ang mga iyon o alinman sa naturang dalawa ay walang bisa.

Hindi, kaibigan, sampalatayanan mo si Jesus nang ganoon din para sa iyong kagalingan kung paano kang sumasampalataya para sa iyong mga kasalanan, at magkakaroon ng ganoon ding bisa ang naturang katubusan. Gagana ito para sa iyo sa alinmang paraan, kung sasampalatayanan mo na ginawa ito para sa iyo sa panahong ito ganoon din para sa kanila noong panahong iyon.

Kagaya ng kapag pumupunta ka doon sa ilog upang tumawid na sakay ng ferry-boat, nakikita mo ang ibang tumatawid, kaya bakit hindi ka rin tumawid? Hindi ka na lumalapit pa sa kapitan ng bangkang iyon at tatanungin siya kung makakatawid nga

ba ang bangka o hindi. Basta bayaran mo lang ang pasahe mo, sumakay at maupo. Pagkatapos ay bahala na ang timonero na itawid ka sa kabila ng ilog.

Gayon ding pamamaraan sa Makalangit na Pagpapagaling, nakikita mo ang iba na gumagaling at maaari ka ring gumaling. Lumapit ka lamang kay Jesus. Ang pamasahe sa sitwasyong ito ay pagsampalataya, pagkatapos ay si Jesus na ang bahala sa iyo.

Oh, kapatid na lalaki't babae, sampalatayanan n'yo Siya, kayo rin ay maaaring gumaling. Ang araw ng mga Himala ay hindi pa lumipas para doon sa mga sumasampalatayang hindi pa nga ito lumipas.

Ano ang unang bagay na ginagawa mo kapag nagbabalak kang magpiknik? Kukunin mo ang old ladies almanac at aalamin kung sa araw na iyon ay sinasabi ng almanac kung uulan kaya o magiging maaliwalas. Pagkatapos ay magsasaya ka kung sinasabi nitong maaliwalas. Pagkatapos ay sasabihin mo, "Plaplanuhin natin ang piknik para sa araw na iyon." Bibilhin n'yo ang lahat ng inyong pangtanghalian at maghahanda para sa pamamasyal dahil lang sa sinasabi ng almanac na "maaliwalas."

Oh, kapatid na lalaki't babae, inilalagay n'yo ang ganoon kalaking paniniwala sa isang almanac, bakit hindi n'yo masampalatayanan ang Salita ng Diyos? Tandaan na ang Diyos ay noon pa laging may ilan na sumasampalataya, bakit hindi kayo maging isa sa kanila ngayon? Basahin n'yo ang Marcos 16 at makitang ang huling utos na ibinigay sa iglesya ay ang pagalingin ang mga maysakit. Sinabi Niya, "At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya."

Kung sinasabi ng iyong iglesya na sila'y nananampalataya at hindi sumusunod ang mga tanda, kung gayon sang-ayon sa Salita ng Diyos ay hindi sila nananampalataya.

Tanungin mo ang isang tao ngayon para sa isang magandang tanda ng isang mananampalataya at ituturo nila ang isa na nasa

magandang kalagayang panlipunan. Isa na malaking magbigay sa lalagyan ng koleksyon. Oh kaibigan ko, ang iba sa kanila ay talagang walang alam gaya rin lang ng isang Hottentot na walang kaalam-alam patungkol sa Egyptian night, at ang ilan pa nga sa kanila ay magagaling na mga iskolar na mula pa sa mga seminaryo. Subalit hindi mo kailangang maging iskolar upang makilala mo ang Diyos. Pero tiyak ngang kinakailangan mong gumawa nang higit kaysa sa karamihan sa kanila, kailangan mong manampalataya at kung gagawin mo'y magsisisunod sa iyo ang mga tanda na nasa Marcos 16:17-18 katulad ng sinabi ni Jesus na magiging ganun nga ang mga iyon.

Alalahanin sa Marcos 16 ay sinasabi na ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang. Maaaring sabihin mo, "Kapatid na Branham, ano ba ang Ebanghelyo, upang malaman namin kung mayroon kami nito o wala. Ito ba ang Salita?"

Sinabi ni Pablo na dumarating sa atin ang Ebanghelyo hindi lamang sa salita kundi sa Kapangyarihan at Pagpapamalas ng Banal na Espiritu. Kung ganoon hindi mo ba kakailanganin na magkaroon nga ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang maipamalas ang mga tandang iyon ng Marcos 16?

Sabayan n'yo akong dumako sa ika-2 Timoteo, Kabanata 3 at tingnan kung paanong sinasabi ng Banal na Espiritu na sa mga huling araw ang mga tao ay magkakaroon ng anyo ng kabanalan subalit tatanggihan ang kapangyarihan nito, at sa mga ganoong tao sinasabihan kayo ng Biblia na magsilayo.

Hindi ba iyon isang tanda na nabubuhay na tayo sa mga huling araw? Itinatanggi ng mga tao ang kapangyarihang magpagaling at maging lubos na malaya mula sa mga kasalanan.

Nagiging napakalamig na ng mga iglesya na ang termometro ay bumababa na sa animnapu pababa ng zero. Hindi ka maaaring managumpay at isagawa ang Makalangit na Pagpapagaling kasama ng mga card party at mga sigarilyo.

Nagtutungo ang ilang mga tao sa simbahan nang Linggo ng umaga na may malaking sigarilyo sa kanilang bibig, na para bang isang toro ng Texas na tinanggalan ng sungay. Sinasabi sa atin ng Salita na linisin natin ang ating mga sarili mula sa lahat ng karumihan. Oh kapatid, talikuran mo na ang iyong mga makamundong bagay at paglingkuran ang Diyos. Kung gayon ay pahihintulutan ka Niyang lumakad sa Kanyang daan ng Kabanalan kagaya ng sinabi ng Isaias ika-35 Kabanata.

Kung may magdadala sa iyo ng isang money order sa halagang $70,000.00 ay mag-uumpisa ka nang magalak. Kung tatanungin kita kung bakit napakasaya mo, sasagot ka na mayroon kang $70,000.00. Kung pinag-alinlanganan ko ito ibibigay mo sa akin 'yung money order. Kung sasabihin kong kapiraso lang iyon ng papel na may nakasulat ay kaagad-agad kang sasagot na tiyak na may $70,000.00 na nakadeposito sa Pamahalaan ng Estados Unidos bago naisulat ang naturang order at kung gayon ay tutumbasan iyon ng pamahalaan.

Alamin mo kung gayon na sinasabi ng Santiago 5:14 na ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa maysakit. Maaaring sabihin mo na papel lang iyon na may nakasulat. Subalit kapatid, sinusuportahan ng buong Kalangitan ang Biblia.

Kapag binabasa mo ang Kanyang Salita tandaan mong ang pangako ay para sa iyo. Kung gayon ay magsimula ka nang magsaya at manampalataya at pagagalingin ka Niya.

Siya ang siya pa ring Diyos ngayon at magpakailanman. Amen.

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org